General Assembly resolution 53/144 of 9 December 1998

# Pahayag hinggil sa karapatan at responsiblidad ng mga indibidwal, mga grupo at organo ng lipunan upang itaguyod at ipagtanggol ang mga pandaigdigang kinikilalang mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan.

## Pahayag ng Bansang Nagkakaisa Hinggil Sa Mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao

Filipino

Translated by

task force detainees of the philippines

Printed by

FORUM-ASIA

Filipino

# Pahayag hinggil sa karapatan at responsiblidad ng mga indibidwal, mga grupo at organo ng lipunan upang itaguyod at ipagtanggol ang mga pandaigdigang kinikilalang mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan.

## Pahayag ng Bansang Nagkakaisa Hinggil Sa Mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao

**Filipino**

Cover/ Layout:
Sverre Rakkenes

Translated by:
Task Force Detainees of the Philippines (TFDP)
45 Saint Mary Street, Brgy. E. Rodriguez
Cubao, Quezon City
Philippines

www.tfdp.net

Copyright © 2008
This book was written for the benefit of human rights defenders and may be quoted from or copied so long as the source and authors are acknowledged

Printed by:
**Asian Forum for Human Rights and Development (FORUM-ASIA)**
12th Floor, Room 12-01, Times Square Building
Sukhumvit Road, Between Soi 12-14,
Khlong Toei, Khlong Toei
Bangkok, 10110 Thailand

www.forum-asia.org

**Pahayag hinggil sa karapatan at responsiblidad ng mga indibidwal, mga grupo at organo ng lipunan upang itaguyod at ipagtanggol ang mga pandaigdigang kinikilalang mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan.**

Ang Pangkalahatang Kapulungan,

Pinagtitibay muli ang kabuluhan ng pagtupad sa mga layunin at mga prinsipyo ng Karta ng mga Bansang Nagkakaisa para sa pagtaguyod at pagtatanggol ng lahat ng karapatang pantao at mga saligang kalayaan para sa lahat ng tao sa lahat ng bansa ng daigdig,

Pinagtitibay din muli ang kabuluhan ng Pandaigdig na Pahayag ng mga Karapatan ng Tao at ng mga Pandaigdigang Kasunduan ukol sa Karapatang Pantao bilang batayang salik ng pandaigdigang pagpupunyagi na itaguyod ang pangkalahatang paggalang sa at pagtupad ng karapatang pantao at mga saligang kalayaan at ang kahalagahan ng iba pang mga pamantayan ng karapatang pantao na pinagtibay na ng panloob na sistema ng mga Bansang Nagkakaisa, at gayundin maging sa pang-rehiyonal na antas,

Binibigyang diin na ang lahat ng mga kasapi ng pandaigdigang pamayanan ay nararapat na isakatuparan, magkasama o magkahiwalay, ang kanilang marubdob na obligasyon na itaguyod at pasiglahin ang paggalang para sa mga karapatang pantao at mga batayang kalayaan para sa lahat ng walang pagtatangi na kahit anuman, kasama

ang pagtatangi na batay sa lahi, kulay, kasarian, salita, relihiyon, pulitikal at iba pang pananaw, pambansa o panlipunang pinagmulan, pag-aari, kapanganakan at iba pang katayuan, at muling pinagtitibay ang partikular na kahalagahan na maabot ang pandaigdigang pagtutulungan upang maisakatuparan ang obligasyong ito na ayon sa Karta,

Kinikilala ang makabuluhang papel ng pandaigdigang pagtutulungan para sa, at ang mahalagang gawain ng mga indibidwal, grupo at samahan sa pag-ambag sa mabisang pagwakas ng mga paglabag ng karapatang pantao at saligang kalayaan ng mga mamamayan at mga indibidwal, kasama din ang kaugnayan sa malawakan, walang pakundangan at sistematikong paglabag tulad ng binunga ng apartheid, at lahat ng porma ng diskirminasyong batay sa lahi, kolonyalismo, dominasyo ng mga dayuhan o pananakop, pananalakay o pagbabanta sa pambansang soberenya, pambansang pagkakaisa o integridad ng teritoryo at bunga ng pagtanggi na kilalanin ang karapatan ng mamamayan sa pagsasarili (self-determination) at ang karapatan ng lahat ng mamamayan sa paggamit ng buong soberenya sa kanyang kayamanan at likas na yaman,

Kinikilala ang relasyon sa pagitan ng pandaigdigang kapayapaan at seguridad at ang pagtamasa sa mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan, at isinasaalang-alang na ang kawalan ng pandaigdigang kapayapaan at seguridad ay hindi dahilan sa hindi pagpapatupad nito.

Muling inuulit na ang lahat ng mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan ay pandaigdigan, hindi mapaghihiwalay, nakaasa sa isa't-isa at magkakaugnay at nararapat na itinataguyod at ipinapatupad sa isang pantay at matuwid na paraan, ng walang pagkiling sa pagpapatupad ng bawat isa sa mga karapatan at kalayaang iyon,

Binibigyang diin na ang pangunahing responsiblidad at obligasyon na ipatupad at ipagtanggol ang mga karaptang pantao at mga saligang kalayaan ay nasa Estado,

Kinikilala ang karapatan at responsiblidad ng mga indibidwal, mga grupo at mga kapisanan na itaguyod ang paggalang sa at linangin ang kaalaman ukol sa mga karapatang pantao at saligang mga kalayaan sa pambansa at pandaigdigang antas,

Pinapahayag,

## Artikulo 1

Lahat ng tao'y may karapatan, mag-isa man o kapisan ang iba, na itaguyod at magsikap para sa pagtatanggol at pagsasakatuparan ng mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan sa pambansa at pandaigdigang antas.

## Artikulo 2

1. Ang bawat Estado ay may pangunahing responsibilidad at tungkulin na ipagtanggol, itaguyod at ipatupad ang lahat ng mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan, inter alia, sa

pamamagitan ng pagtitibay ng mga hakbangin na maaring nararapat upang likhain ang lahat ng mga batayan na kinakailangan sa loob ng panlipunan, pang-ekonomiko, pampulitika at iba pang mga larangan, kasama na ang mga ligal na pananagutang kailangan upang siguruhin na ang lahat ng tao sa ilalim ng kanyang saklaw, mag-isa man o kapisan ang iba, ay may kakanyahan na matamasa ang lahat ng mga karapatan at mga kalayaan.

2. Ang bawat Estado ay magpapatibay ng ganoong lehislatibo, adminstratibo at iba pang mga hakbangin na maaring kinakailangan upang siguruhin na ang mga karapatan at mga kalayaang tinutukoy sa kasalukuyang Pahayag ay epektibong napapanagutan.

## Artikulo 3

Ang mga lokal na batas na kaayon sa Karta ng Bansang Nagkakaisa at iba pang pandaigdigang obligasyon ng Estado sa larangan ng karapatang pantao at mga saligang kalayaan ang siyang huridikal na balangkas sa loob ng kung saan ang mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan ay nararapat na ipatupad at tamasahin at sa loob ng kung saan ang lahat ng gawain na tinutukoy ng kasalukuyang Pahayag para sa pagtataguyod, pagtatanggol, at mahusay na pagsasakatuparan ng mga tinukoy na mga karapatan at mga kalayaan ay nararapat na isagawa.

## Artikulo 4

Walang bagay sa Pahayag na ito na mapapakahulugan na nagpapahina o sumasalungat sa mga layunin at mga prinsipyo ng Karta ng Bansang Nagkakaisa o siyang nagpapakitid o bumabawi sa mga probisyon ng Pandaigdig na Pahayag ng mga Karapatang Pantao, sa mga Pandaigdigang Kasunduan sa Karapatang Pantao at iba pang pandaigdigang instrumento at pangako na angkop sa larangang ito.

## Artikulo 5

Sa layunin ng pagtataguyod at pagtatanggol sa mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan, ang lahat ng tao ay may karapatan, mag-isa o kapisan ang iba, sa pambansa at pandaigdigang saklaw:

a.) Na magpulong at magtipon ng mapayapa;

b.) Na magbuo, sumali at lumahok sa mga non-governmental organizations, assosasyon o mga grupo;

c.) Na makipagtalastasan sa mga non-governmental o intergovernmental na mga organisasyon.

## Artikulo 6

Lahat ng tao'y may karapatan, mag-isa o kapisan ang iba:

a.) Na malaman, hanapin, kumuha, tumanggap at humawak ng impormasyon kaugnay ng lahat ng mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan kasama ang pagkakaroon ng daan sa impormasyon kung paano ang mga karapatan at mga kalayaang ito ay binibigyang katuparan sa lokal na lehislatibo, panghukuman o administratibong sistema;

b.) Bilang nakatakda para sa karapatang pantao at iba pang naaayon na pandaigdigang instrumento, malayang ipalimbag, ipamahagi at ipalaganap sa iba pa ang mga pananaw, impormasyon, at kaalaman sa lahat ng mga kapatang pantao at mga saligang kalayaan;

c.) Na pag-aralan, pagtalakayan, magbuo at panghawakan ang mga opinyon patungkol sa pagkilala, kapwa sa batas at sa gawa, ng lahat ng mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan na, sa pamamagitan nito at iba pang nararapat na pamamaraan, ay makahatak ng pampaublikong atensyon hinggil sa mga bagay na ito.

## Artikulo 7

Lahat ng tao'y may karapatan, mag-isa o kapisan ang iba, na magpaunlad at talakayin ang mga bagong ideya at mga prinsipiyo ng karapatang pantao at itaguyod ang pagtanggap sa kanila.

## Artikulo 8

1. Ang lahat ng tao'y may karapatan, mag-isa o kapisan ang iba, na magkaroon ng epektibong daan, sa batayan ng walang diskriminasyon, sa

partisipasyon sa gobyerno ng kanyang bansa at sa kondukta ng pampublikong gawain.

2. Kabahagi dito, inter alia, ang karapatan, mag-isa o kapisan ang iba, na isumite sa mga sangay o ahensya ng gobyerno at mga organisasyong may malasakit sa pampublikong gawain ang mga puna at panukala upang pagbutihin ang kanilang paggampan at makahatak ng attensyon sa anumang aspekto ng kanilang gawain na maaring sagka o balakid sa pagtataguyod, pagtatanggol at pagsasakatuparan ng mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan.

Artikulo 9

1. Sa paggamit ng mga karapatang pantao at mga mga saligang kalayaan, kasama na ang pagtaguyod at pagtatanggol ng mga karapatang pantao na tinutukoy sa kasalukayang Pahayag na ito, ang lahat ay may karapatan, mag-isa o kapisan ang iba, na magtamasa sa isang mabisang lunas at ang maipagtanggol sa sa kaganapang malabag ang mga karapatang ito.

2. Tungo dito, ang lahat ng tao na ang kanilang mga karapatan at mga kalayaan ay ipinalagay na nalabag ay may karapatan, alin man sa bilang siya sa aktwal o sa pamamagitan ng awtorisadong legal na kumakatawan, na magreklamo at mangyari na ang reklamong iyon ay agarang masuri sa isang pampublikong pagdinig sa harap ng isang independente, walang kinikilingan at may kakayahan na panghukuman o iba pang awtoridad na itinakda ng batas at makakuha mula

sa ganoong awtoridad ng desisyon, naaayon sa batas, nagbibigay lunas, kasama na ang anumang kabayarang nararapat, kapag mayroong paglabag sa mga karapatan at mga kalayaan ng taong tinuran, kasama na ang pagpapatupad ng ano mang maaring maging desisyon at ipagkakaloob, ng walang pagkaantala na hindi nararapat.

3. Tungo din dito, ang lahat ay may karapatan, mag-isa o kapisan ang iba, inter alia:

a) Na magreklamo sa mga patakaran at gawain ng mga namumuno at mga sangay ng pamahalaan kaugnay sa mga paglabag ng mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan sa pamamagitan ng pagpetisyon o iba pang nararapat na pamamaraan, sa mga may kakayahang pambansang panghukuman, adminstratibo o lehislatibong awtoridad o iba pang may kakayahang awtoridad na ibinibigay ng ligal na sistema ng Estado, na nararapat magbigay ng desisyon sa reklamo ng walang pagkaantala na hindi nararapat;

b) Na dumalo sa mga pampublikong pagdinig, pangyayari at paglilitis upang makapagbuo ng opinyon sa kanilang pagsunod sa mga pambansang batas at naayon na pandaigdigang obligasyon at pangako;

c) Mag-alok at magbigay ng propesyunal at kwalipikadong tulong ligal o iba pang naayong payo at tulong ukol sa pagtatanggol ng mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan.

4. Tungo din dito, at nakaayon sa mga nababagay na pandaigdigang instrumento at proseso, ang lahat ay may karapatan, mag-isa o kapisan ang iba, sa walang hadlang na daan sa at komunikasyon sa mga pandaigdigang lupon na may pangkalahatan o espesyal na kakayahan na tumanggap at pag-aralan ang mga komunikasyon sa mga bagay ukol sa mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan.

5. Ang Estado ay dapat magsagawa ng agaran at walang kinikilingang imbestigasyon o siguraduhin na may maganap na pagsisiyasat kapag mayroong makatuwirang batayan upang paniwalaan na may naganap na paglabaga sa mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan sa ano mang teritoryo nasasaklawan ng kanyang pamumuno.

## Artikulo 10

Walang sino man ang maaring lumahok, sa pamamagitan ng pagkilos o kawalan nito kapag kinakailangan, upang labagin ang mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan at walang sinumang papadanasin ng parusa o ng kahit anumang nakasasamang aksyon dahil sa kanyang pagtanggi na gawin ito.

## Artikulo 11

Lahat ng tao'y may karapatan, mag-isa o kapisan ang iba, sa makatarungang pagpapatupad ng kanyang okupasyon o propesyon. Lahat ng tao na maaring magkaroon ng epekto, dulot ng

kanyang propesyon, sa dignidad ng tao, mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan ng iba ay nararapat na igalang ang mga karapatan at mga kalayaang iyon at tumalima sa mga naayong pambansa at pangdaigdigang pamantayan ng pang-okupasyon at propesyunal na kondukta at etika.

## Artikulo 12

1. Lahat ng tao'y may karapatan, mag-isa o kapisan ang iba, na lumahok sa mga mapayapang aktibidad laban sa paglabag ng mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan.

2. Ang Estado ay dapat magsagawa ng mga kinakailangang hakbang upang siguruhin ang proteksyon ng mga may kakayahang awtoridad sa lahat ng tao, mag-isa o kapisan ang iba, laban sa anumang karahasan, pagbabanta, pagganti, de facto o de jure na nakasasamang diskriminasyon, pamumuwersa o anumang gawa na di ayon sa batas bilang bunga ng kanyang lehitimong paggamit ng mga karapatang tinutukoy sa kasalukuyang Pahayag na ito.

3. Kaugnay nito, lahat ng tao'y may karapatan, mag-isa o kapisan ang iba, na epektibong maipagtanggol sa ilalim ng mga batas ng bansa ang pagtutol o pagkontra, sa mapayapang paraan, sa mga aktibidad at gawa, kasama na ang mga gawa na dulot ng pagpapabaya, na maaring maiuugnay sa Estado na magdudulot ng mga paglabag sa mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan, kasama na ang karahasang

isinagawa ng mga grupo o indibidwal na may epekto sa pagtamasa sa mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan.

## Artikulo 13

Lahat ng tao'y may karapatan, mag-isa o kapisan ang iba, na mangalap, makakuha at makagamit ng yaman at rekurso tungo sa layuning itaguyod at ipagtanggol ang mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan sa pamamagitan ng mapayapang pamamaraan, na ayon sa artikulo 3 ng kasalukuyang Pahayag.

## Artikulo 14

1. Ang Estado ang siyang may responsibilidad na magsagawa ng lehislatibo, panghukuman, adminstratibo at iba pang nararapat na hakbangin upang itaguyod ang pagunawa ng lahat ng tao na nasa ilalim ng kanyang nasasakupan ng kanilang sibil, pulitikal, pang-ekonomiya, panlipunan at pangkultural na karapatan.

2. Kasama sa mga hakbanging ito, inter alia:

a.) Ang paglalathala at malawak na pagkakaroon ng mga pambansang batas at mga panuntunan at saka nararapat na mga batayang pandaigdigang intrumento ng karapatang pantao;

b.) Ang husto at pantay na pagkakataon upang makakuha ng mga pandaigdigang dokumento sa larangan ng karapatang pantao, kasama na ang mga pana-panahong ulat ng mga Estado sa mga

sangay na itinayo ng mga pandaigdigang tratado sa karapatang pantao na kung saan siya ay kapartido, kasama din ang mga nakabuod na ulat ng mga talakayan at ang mga opisyal na ulat ng mga sangay na ito.

3. Ang Estado ay sisiguruhin ang pagtaguyod, saan man nararapat, ang paglikha at pagpapaunlad ng mga karagdagang nagsasariling pambansang institusyon para sa pagtaguyod at pagtatanggol ng mga karapatang pantao at mga batayang kalayaan sa lahat ng territoryong kanyang nasasaklawan, ito man ay maging ombudsmen, mga komisyon sa karapatang pantao o iba pang anyo ng pambansang institusyon.

## Artikulo 15

Ang Estado ang siyang may responsibilidad na itaguyod at padaluyin ang patuturo ng karapatang pantao at mga batayang kalayaan sa lahat ng antas ng edukasyon at siguruhin na ang lahat ng taong responsable sa pagsasanay ng mga abugado, mga opisyal na nagpapatupad ng batas, mga tauhan ng sandatahang lakas at mga pampublikong opisyal ay ipinapaloob ang mga nararapat na salik ng pagtuturo ng karapatang pantao sa kanilang programa ng pagsasanay.

## Artikulo 16

Ang mga indibidwal, non-governmental organizations at mga kaugnay na institusyon ay may mahalagang papel na gagampanan na mag-ambag upang maging mas mulat ang publiko sa

mga katanungan na kaugnay sa lahat ng mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan sa pamamagitan ng mga gawain tulad ng pag-aaral, pagsasanay at pananaliksik sa mga larangang ito upang lalo pang pagtibayin, inter alia, ang pagunawa, pagtanggap, mapayapa at mapagkaibigang relasyon sa pagitan ng mga bansa at sa pagitan ng lahat ng lahi at grupo ng relihiyon, habang isinasaalang-alang sa isipan ang samut-saring karanasan ng mga lipunan at komunidad na kung saan nila isinasagawa ang kanilang mga pagkilos.

## Artikulo 17

Sa paggamit ng mga karapatan at saligang kalayaan na tinutukoy sa kasalakuyang Pahayag na ito, lahat ng tao, mag-isa o kapisan ang iba, ay maaring saklawin lamang ng mga limitasyon na nakaayon sa mga nababagay na pandaigdigang obligasyon at ito ay tinutukoy ng batas para lamang sa layuning makamit ang nararapat na pagkilala at paggalang sa mga karapatan at saligang kalayaan ng iba at upang maabot ang katarungang hinihingi ng moralidad, pampublikong kaayusan, at pangkalahatang kagalingan sa loob ng isang demokratikong lipunan.

## Artikulo 18

1. Ang lahat ay may tungkulin tungo sa at sa loob ng komunidad, na kung saan lamang posible ang malaya at hustong pagunlad ng kanyang personalidad.

2. Ang mga indibidwal, grupo, mga institusyon at non-governmental organizations ay may mahalagang papel na gagampanan at responsiblidad sa pangangalaga ng demokrasya, pagtataguyod ng mga karapatang pantao at mga batayang kalayaan at magambag sa pagtataguyod at pagsusulong ng mga demokratikong lipunan, institusyon at mga proseso.

3. Ang mga indibidwal, grupo, mga institusyon at non-governmental organizations ay mayroon ding mahalagang papel at responsibilidad na magambag, kung nararapat, sa pagtataguyod ng karapatan ng lahat para sa isang pandaigdigan at panlipunang kaayusan na kung saan ang mga karapatan at kalayaan na sinasaad sa Pandaigdigang Pahayag ng mga Karapatang Pantao at iba pang mga instrumento sa karapatang pantao ay ganap na kinikilala.

## Artikulo 19

Walang bagay sa pahayag na ito ang mapapakahulugan na ang sino mang indibidwal, grupo o organo ng lipunan o sino mang Estado ay may karapatan na lumahok sa ano mang aktibidad o magsagawa ng ano mang gawain nakatuon sa pagkawasak sa mga karapatan at mga kalayaang tinutukoy sa kasalukuyang Pahayag na ito.

## Artikulo 20

Walang bagay sa kasalukuyang Pahayag ang mapapakahulugan na nagbibigay pahintulot sa mga Estado na suportahan at itaguyod ang mga

aktibidad ng mga indibidwal, grupo ng mga indibidwal, mga institusyon o non-governmental organizations na salungat sa mga probisyon ng Karta ng Bansang Nagkakaisa.